

**Ministry ng
Edukasyon**


Ministro

315 Front Street West
Toronto ON M7A 0B8

Ministère de l'Éducation

Ministre

315, rue Front Ouest
Toronto ON M7A 0B8



Ontario

Abril 28, 2020

Mahal naming Mga Magulang—

Taos-puso kong inaasahan na kayo, ang inyong mga anak at ang mga pamilya ninyo ay nananatiling ligtas at malusog sa hindi pangkaraniwang panahon na ito.

Sa mga nakaraang linggo, nabigyan ng inspirasyon ang ating pamahalaan ng sigasig at kakayahang umangkop ninyo at ng inyong mga anak sa paglipat sa malayuang pag-aaral. Alam naming hindi ito naging madali, lalo na sa matinding epekto ng COVID-19 sa inyong mga buhay at kabuhayan. Ang kakayahang mapanatiling nakikibahagi ang ating mga mag-aaral sa kanilang journey sa pag-aaral ay talagang naging pambihira.

Bilang Ministro ng Edukasyon ng Ontario, nangangako akong panatilihin kayong may nalalaman tungkol sa mga bagong pangyayari tungkol sa mga epekto ng COVID-19, lalo na kaugnay sa pangangalaga ng bata, mga early learning program (programa para sa mga batang wala pa sa kindergarten) at ang katayuan ng kasalukuyang taon ng eskuwela. Kayo at ang inyong mga anak ay patuloy na susupportahan ng ating pamahalaan sa mahirap na panahong ito.

Ang pinaka-pangunahing prayoridad ng ating pamahalaan ay ang kaligtasan at kapakanan ng bawa't bata at bawa't mag-aaral, at ang mga nag-aalaga at sumusuporta sa kanila. Sa pagsasaalang-alang sa alinmang mga opsyon para salubungin muli ang mga mag-aaral sa klase bilang paraan ng pag-aaral, nakabatay ang aming mga desisyon sa kaligtasan, pagiging naaalinsunod at gabay ng mga opisyal sa kalusugan ng publiko. Kami ay malinaw at hindi nagbabago sa aming pangako na ang bawa't hakbang ay ginagawa upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral bago muling pumasok sa isang silid-aralan.

Sa pagsasaalang-alang sa prinsipyong iyon, inutos ng ating pamahalaan na ang lahat ng mga pampublikong paaralan sa lalawigan ay mananatiling sarado sa mga mag-aaral hanggang Mayo 31, 2020.

Ang aming desisyon ay batay sa payo ng eksperto ng Pinunong Pangmedikal na Opisyal sa Kalusugan ng Ontario at ang COVID-19 Command Table. Bagaman ipinapakita ng ginagamit na huwaran ng mga eksperto sa kalusugan ng publiko na tayo ay sumusulong, wala tayo sa yugto ng ating pakikipaglaban sa COVID-19 kung saan ligtas at kumpiyansang makakabalik ang mga mag-aaral sa kanilang mga silid-aralan.

Alam kong nakakabigo ang balitang ito para sa karamihan sa inyo. Hindi nagbabago ang malasakit at dedikasyon ng mga magulang sa Ontario. Simula nang inanunsyo namin ang pagsuspende ng pag-aaral sa personal noong Marso 12, nabalitaan namin mula sa mga magulang sa buong lalawigan ang kanilang ginagawang pagsusumikap upang hikayatin ang patuloy na pag-aaral sa kanilang mga anak. Naging pambihirang mapagkukunan ng kaginhawaan ang mga magulang at pamilya habang nagkakaroon ng iba't ibang reaksiyon ang mga bata sa pandaigdigang paglaganap ng sakit na ito.

Mula sa pagsisimula ng mga pagsasara ng paaralan, malaki ang ipinagbago at naging tagumpay ng aming plano para sa pagpapatuloy ng pag-aaral. Kamakailan lang, muli naming ipinakilala ang pag-aaral na pinangungunahan ng guro sa lalawigan at binibigyan ngayon ang mga mag-aaral ng gawain at mga mapagkukunan upang ipagpatuloy ang kanilang edukasyon.

Bilang bahagi ng planong ito, ibinalangkas namin ang mga inaasahan para sa oras ng gawain ng mag-aaral sa partikular na linggo batay sa mga materyal sa pag-aaral at gawaing ibinigay ng guro ng inyong anak. Nais kong bigyang-diin na hindi malalagay sa panganib ang pagtatapos ng mag-aaral dahil sa kasalukuyang paglaganap ng sakit.

Itinakda ng ating pamahalaan ang mga sumusunod na pangunahing iminumungkahing pamantayan para sa pagtuturo:

- Kindergarten hanggang Grade 3: Limang oras ng gawain bawa't mag-aaral bawa't linggo, na nakatuon sa karunungan bumasa't sumulat at matematika;
- Grade 4 hanggang 6: Limang oras ng gawain bawa't linggo, na nakatuon sa karunungan bumasa't sumulat, matematika, agham at araling panlipunan;
- Grade 7 hanggang 8: 10 oras ng gawain bawa't linggo, na nakatuon sa matematika, karunungan bumasa't sumulat, agham at araling panlipunan; at,
- Grade 9 hanggang 12: Tatlong oras ng gawain bawa't kurso bawa't linggo para sa mga mag-aaral na pumapasok ayon sa semestro, at 1.5 oras ng gawain bawa't kurso bawa't linggo para sa mga mag-aaral na hindi pumapasok ayon sa semestre, na nakatuon sa pag-ipon ng credit at pagtatapos.

Bagaman nauunawaang magkakaroon ng mga pagkakaiba sa karanasan sa edukasyon sa panahong ito, inaasahan kong masusuportahan at makakaugnayan ang lahat ng mag-aaral ng kanilang mga guro at ng iba pang mga manggagawa sa edukasyon. Nais naming pasalamatang ang mga tagapagturo na tinanggap ang mga hindi pangkaraniwang pangyayaring ito upang tiyaking patuloy na magkakaroon ang kanilang mga mag-aaral ng pagkakataong umunlad at makamit ang kanilang potensyal. Kung mayroon kayong mga alalahanin sa kasapatan ng ibinigay na gawain o ang pangangailangan para sa pinahusay na pakikipag-ugnayan, hinihikayat kayong makipag-ugnayan sa inyong punong-guro o lupon ng paaralan. Nais naming gawin ang lahat ng makakaya namin sa panahon ng paglaganap ng sakit na ito upang tiyaking makakatanggap ang ating mga mag-aaral ng may kalidad na karanasan sa pag-aaral.

Upang magamit nang mahusay ang oras ng pagtuturo para sa inyong mga anak, gagawin naming oras ng pagtuturo ang natitirang Aktibidad ng Propesyonal (Professional Activity, PA) at mga araw ng eksaminasyon. Titiyakin nitong mananatiling nakikibahagi at matututo ang inyong mga anak sa pinakamaraming araw na maaari sa panahon ng taon ng eskuwelang ito. Marahil ngayon, ang bawat oras ng pagtuturo ay mahalaga kahit na ito ay isa o dalawang araw lamang.

Bagaman sinusubukan naming mapadali ang oras ng pagtuturo habang sarado ang paaralan, ang isa sa mga hamon na nararanasan ng maraming pamilya ay, bagaman sa ating digital na panahon, ang ilang mag-aaral ay walang access sa Internet o ang teknolohiyang ma-access ang [Learn at Home](#).

Ikinatutuwa kong ipaalam sa inyo na nakikipagtulungan ang Pamahalaan ng Ontario sa Rogers Communications at Apple upang tulungang matugunan ang mga pang-edukasyong pangangailangan ng mga mag-aaral at mga pamilya sa panahon ng paglaganap ng COVID-19. Sa kasalukuyan, mahigit sa 21,000 na iPad device, na may kasamang libreng Rogers LTE wireless data ang binili at ipinamahagi sa mga nangangailangang pamilya ng mga lupon ng paaralan, kung saan mahigit \$75 milyon ang ibinigay ng panlalawigang pamahalaan sa pamamagitan ng Grants for Student Needs. Dagdag pa rito, magbibigay ang Apple ng patuloy na suporta sa Pranses at Ingles sa mga guro, magulang at mag-aaral, ng mga koleksyon ng mapagkukunan upang suportahan ang pag-aaral at pagtatrabaho sa bahay. Ang 21,000 ihinatid na mga device na ito ay karagdagan sa mahigit 200,000 computer at tablet na naibigay ng mga lupon ng paaralan sa mga nangangailangang mag-aaral sa panahong ito.

Nakikipagtulungan din ang Rogers sa mga lupon ng paaralan ng Ontario upang magbigay ng napakabilis at murang Internet sa mga nangungupahang tumatanggap ng subsidiya at mga miyembro ng mga katuwang sa pabahay sa buong Ontario sa pamamagitan ng [Connected for Success](#) na programa nito, pati rin ang [Connecting Families](#) na inisiyatiba ng Pamahalaan ng Canada.

Ang mga pagtutulungan na katulad nito – sa pagitan ng mga lupon ng paaralan at mga kumpanya ng teknolohiya tulad ng Rogers Communications at Apple – ay patuloy na ipinapakita ang diwa ng Ontario.

Bagaman nananatili kaming nakatuon sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyang taon ng eskuwela, nagsimula nang magplano ang ating pamahalaan para sa 2020-2021 na taon ng eskuwela. Bagaman ang taon ng eskuwelang ito ay talagang hindi katulad ng anumang naranasan natin dati, kailangan nating ihanda ang ating mga sarili para sa katunayan na maaaring iba ang hitsura o pakiramdam ng paaralan pagsapit ng Setyembre.

Bilang gabay na prinsipyo namin ang kaligtasan at kapakanan ng inyong mga anak, hayaan ninyong tiyakin ko sa inyo na ang mga paaralan, mga center sa pangangalaga ng bata at mga bus ng paaralan ay kinakailangang gumawa nang matinding paglilinis bago maging handang salubungin muli ang mga mag-aaral at mga batang mag-aaral sa pagbalik sa kanilang mga aktwal na silid-aralan. Sa kabila ng labis na kaunting panganib sa pagkontak na idudulot pagkatapos ng mahabang pagsasarang ito, nais naming iparamdam sa bawat mag-aaral ang kaligtasan at kumpiyansa sa kanilang pagbalik sa eskuwela.

Kaugnay sa pagtuturo, ilalabas namin ang aming iminumungkahing plano para sa pinahabang programa ng pag-aaral sa tag-init na bibigyang-daan ang mga mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral hanggang tag-init, kung gugustuhin. Bagaman mahigit 100,000 mag-aaral ang karaniwang lumalahok sa pag-aaral tuwing tag-init, alam namin na marami pang mga mag-aaral ang maaaring naising ipagpatuloy ang pag-aaral na pinangungunahan ng guro pagkatapos ng pormal na pagtatapos ng taon ng eskuwelang ito. Ang iminumungkahing plano para sa pinahabang pag-aaral sa tag-init ay magtutuo sa pagkamit ng credit, na isang bagong opsyon upang i-upgrade ang mga kurso at pagtuon sa mga programa upang alisin ang mga kakulangan at mga suporta para sa mga mahinang mag-aaral.

Nauunawaan ng ating pamahalaan na ang paglaganap ng COVID-19 ay nagresulta sa walang katiyakang panahon para sa mga bata. Dapat nating patuloy na mahigpit na pagtuunan ng pansin ang mga pangangailangan sa emosyonal at pangkaisipang kalusugan ng lahat ng mag-aaral, kahit na walang mga agarang palatandaan ng pagkabagabag.

Dahil doon, inatasan ng ating pamahalaan ang mga lupon ng paaralan na tiyaking makikipag-ugnayan kaagad ang mga manggagawa sa kalusugan ng isip at propesyonal na tauhan sa mga mag-aaral, gaya ng kinakailangan, sa isang tiyak at ligtas na pag-uusap. Nais naming ipaalam sa inyo na maraming organisasyon ang nagbibigay ng mahalagang suporta para sa mga batang nahaharap sa mga alalahanin o pagkabagabag na kaugnay sa kalusugan ng isip. Halimbawa, ang [Kids Help Phone](#) ay nagbibigay ng 24/7 na pagpapayo at mga serbisyo sa pagbibigay ng rekomendasyon sa buong lalawigan. Upang magamit ang libreng mapagkukunang ito, maaaring tumawag ang mga bata sa [1-800-668-6868](tel:1-800-668-6868), o i-text ang CONNECT sa 686868.

Patuloy na nakasara ang mga child care center at EarlyON Child and Family Program nang hanggang Mayo 6, 2020. Matitiyak ko sa inyo na pinakamahalaga ang kalusugan at kaligtasan ng inyong mga anak bukod sa anupaman habang gumagawa kami ng mga desisyon sa muling pagbubukas at sinusuportahan namin ang pagtugon sa paglaganap ng sakit sa Ontario at ang plano ng panunumbalik.

Nais kong ipahayag ang aking pasasalamat sa mga guro at mga manggagawa sa edukasyon na sumusunod sa mga bagong pangyayaring ito at ginagawa ang kanilang makakaya upang maghatid ng pag-aaral at mga suporta para sa ating mga mag-aaral. Bagaman hindi namin maigagarantiya kung ano ang hitsura ng “bagong kalagayan” sa aming mga sistema sa pangangalaga ng bata at edukasyon, ipinapangako ko sa inyo; walang gagawing desisyon na hindi sasagot ng “oo” sa sumusunod na tanong: itinataguyod ba nito ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng ating mga anak at mga mag-aaral?

Simple na walang tanong – walang sagot – na mas mahalaga.

Mag-ingat kayo,

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'S. Lecce', written in a cursive style.

Ang Kagalang-galang na si Stephen Lecce
Ministro ng Edukasyon